

Bakuna sa HPV (Human Papillomavirus)

Gardasil®

Ano ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See www.immunize.org/vis.
Maraming mga Pahayag sa Impormasyon sa Bakuna na makukuha sa Espanyol at ibang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis.

1 Ano ang HPV?

Ang **human papillomavirus (HPV)** sa **pag-aari** ay ang pinakakaraniwang sekswal na nakakahawang virus sa Estados Unidos. Mahigit sa kalahati ng mga lalaki at babae na aktibo sa sekswal ang may HPV na impeksyon sa isang punto ng buhay nila.

Tinatayang 20 milyong mga Amerikano ang kasalukuyang may impeksyon at tinatayang 6 na milyon ang nahahawa kada taon. Ang HPV ay karaniwang nahahawa sa pamamagitan ng sekswal na kontak.

Karamihan ng mga HPV na impeksyon ay hindi nagdudulot ng anumang sintomas at kusang nawawala. Ngunit ang HPV ay maaring magdudulot ng cervical na kanser sa kababaihan. Ang **cervical na kanser** ay ang ika-2 nangungunang sanhi ng kamatayan sa kanser sa mga kababaihan sa buong mundo. Sa Estados Unidos, tinatayang 12,000 kababaihan ang nagkakaroon ng cervical na kanser kada taon at tinatayang 4,000 ay inaasahang mamamatay mula doon.

Nauugnay din ang HPV sa ilang mas hindi karaniwang kanser, katulad ng pangpwertang kanser sa mga babae, at puwitan at oropharyngeal (likuran ng lalamunan, kasama ang dulo ng dila at tonsils) na mga kanser sa lalaki at babae. Ang HPV ay maaari din magdulot ng mga kulugo sa pag-aari at mga kulugo sa lalamunan.

Walang gamot sa impeksiyong HPV, ngunit ang ilan sa mga problema ay magagamot.

2 Bakunang HPV: Bakit kukuha ng bakuna?

Ang makukuha mong bakunang HPV ay isa sa dalawang bakuna na maibibigay upang makaiwas sa HPV. Maaari itong ibigay sa mga lalaki at babae.

Makakahadlang ang bakunang ito sa karamihan ng mga kaso ng cervical na kanser sa mga babae, kapag binigay bago malantad sa impeksyon. Bilang karagdagan, makakahadlang ito sa pangpwertang kanser sa mga babae, at mga kulugo sa pag-aari at pangpuwitang kanser sa mga lalaki at babae.

Inaasahang pangmatagalan ang proteksyon mula sa bakunang HPV. Ngunit ang pagbabakuna ay hindi kapalit para sa pagsasala para sa cervical na kanser. Dapat pa rin kumuha ng mga regular na Pap test ang mga kababaihan.

3 Sino ang dapat magpa-bakuna sa HPV at kailan?

Ang bakunang HPV ay binibigay bilang serye na 3-dosis.

Ika-1 Dosis	Ngayon
Ika-2 Dosis	1 hanggang 2 buwan makalipas ang Dosis 1
Ika-2 Dosis	6 na buwan makalipas ang Ika-1 Dosis

Hindi nirerekomenda ang karagdagang (booster) mga dosis.

Karaniwang Pagbabakuna

- Ang bakunang HPV na ito ay nirerekomenda para sa mga babae at mga lalaki na 11 o 12 taong gulang. Maaari itong ibigay simula sa edad 9.

Bakit nirerekomenda ang bakunang HPV sa edad na 11 o 12 taong gulang?

Madaling makuha ang bakunang HPV, kahit na may isa ka lamang na kapareha sa pagtatalik. Kaya mahalaga na magkaroon ng bakunang HPV bago magkaroon ng anumang sekswal na kontak. At mas mahusay din ang tugon sa edad na ito kaysa sa mas matandang edad.

Pahabol na Pagbabakuna

Ang pagbakunang ito ay nirerekomenda sa mga sumusunod na tao na hindi nakakumpleto ng 3-dosis na serye:

- Mga babaeng nasa edad na 13 hanggang 26.
- Mga lalakeng nasa edad na 13 hanggang 21.

Ang bakunang ito ay *maaaring* ibigay sa mga lalaki mula 22 hanggang 26 taong gulang na hindi nakakumpleto ng 3-dosis na serye.

Nirerekomenda ito para sa mga lalaki na nakikipagtalik sa mga lalaki o ang resistensiya ay mahina dahil sa impeksiyong HIV, ibang sakit o mga medikasyon.

Ang HPV na bakuna ay maaaring ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.



4**Ang ilang tao ay hindi dapat magpabakuna sa HPV o dapat maghintay.**

- Sinumang nagkaroon ng nakamamatay na alerhiyang reaksiyon sa anumang bahagi ng bakunang HPV, o sa nakaraang dosis ng bakunang HPV, ay hindi dapat kumuha ng bakuna. Sabihin sa doktor mo kung ang taong nagpapabakuna ay may anumang malalang alerhiya, kasama ang alerhiya sa yeast .
- Ang bakunang HPV ay hindi nirerekomenda sa mga babaeng buntis. Subalit, ang pagtanggap ng bakunang HPV kapag buntis ay hindi dahilan upang isaalang-alang ang pagpapahinto ng pagbubuntis. Ang mga kababaihan na nagpapasuso ay maaaring magpabakuna.
Sinumang babae na nalaman na buntis siya nung nagpabakuna siya ng HPV ay hinihikayat na makipag-ugnayan sa HPV-sa-pagbubuntis na rehistro ng tagagawa sa 800-986-8999. Makakatulong ito sa amin na matutunan nang higit pa kung paano tumutugon ang mga babaeng buntis sa bakuna.
- Ang mga taong may bahagyang karamdaman noong pinlano ang dosis ng bakunang HPV ay mababakunahan pa rin. Ang mga tao na may katamtaman o malalang sakit ay dapat maghintay hanggang gumaling sila.

5**Ano ang mga peligro mula sa bakunang ito?**

- Ang bakunang HPV ay ginamit sa U.S. at sa buong mundo nang tinatayang anim na taon at napakaligtas.
- Subalit, anumang gamot ay maaaring magdulot ng malalang problema, katulad ng malalang alerhiyang reaksiyon. Ang peligro ng anumang bakuna na magdulot ng malalang pinsala, o kamatayan, ay napakaliit.
- Ang nakamamatay na alerhiyang reaksiyon mula sa mga bakuna ay napakabihira. Kung mangyari man, maaaring nasa loob ito ng ilang minuto hanggang ilang oras makalipas ang pagbabakuna.
- Ang ilang **bahagya** hanggang **katamtamang** mga problema ay kilalang nagaganap sa bakunang HPV na ito. Hindi ito nagtatagal at kusang nawawala.
- Mga reaksiyon sa braso kung saan ininiksiyonan:
 - Pananakit (tinatayang 8 tao sa 10)
 - Pamumula o pamamaga (tinatayang 1 tao sa 4)
 - Lagnat:
 - Bahagya (100° F) (tinatayang 1 tao sa 10)
 - Katamtaman (102° F) (tinatayang 1 tao sa 65)
 - Ibang mga problema:
 - Sakit ng ulo (tinatayang 1 tao sa 3)
 - Paghimatay: Panandaliang pagkakahimatay at mga kaugnay na sintomas (katulad ng pagkislot na pagkilos) ay maaaring maganap pagkatapos ng anumang medikal na pamamaraan, kasama ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga nang 15 minuto pagkatapos mabakunahan ay pumigil sa pagkakahimatay at pinsala na dulot ng pagkahulog. Sabihin sa doktor mo kung nakakaramdam ang pasyente ng hilo

o parang lula o may pagbabago sa paningin o paghuni sa tenga. Katulad ng lahat ng mga bakuna, ang mga bakunang HPV ay patuloy na susubaybayan para sa mga hindi karaniwan o malalang mga problema.

6**Paano kung may katamtaman o malalang reaksiyon?****Ano ang dapat kong hanapin?**

- Anumang hindi karaniwang kundisyon, katulad ng mataas na lagnat o hindi karaniwang asal. Maaring kasama sa mga senyales ng malalang alerhiyang reaksiyon ang hirap sa paghingan, pagkapaos o paghuni, pamamantal, pagkaputla, pagkahina, matuling tibok ng puso o pagkahilo.

Ano ang dapat kong gawin?

- **Tumawag** agad ng doktor, o dalhin agad ang tao sa doktor.
- **Sabihin** sa iyong doktor kung ano ang nangyari, ang petsa at oras kung kailan ito naganap at kailan binigay ang bakuna.
- **Hilingin** ang iyong doktor, nars o kagawarang pangkalusugan na iulat ang reaksiyon sa pamamagitan ng pagsampa ng form na Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). O maaari mong ipadala ang ulat na ito sa pamamagitan ng web site ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Hindi nagbibigay ang VAERS ng medikal na payo.

7**Ang Pambansang Programa sa Pagbabayad sa Pinsala ng Pagbabakuna (The National Vaccine Injury Compensation Program)**

Ang National Vaccine Injury Compensation Program (VICP) ay nilikha noong 1986.

Ang mga taong naniniwala na maaaring napinsala sila ng bakuna ay maaaring matutunan ang tungkol sa programa at sa pagsampa ng salaysay sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382** o pagbisita sa website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation.

8**Paano pa ako matututo?**

- Tanungin ang doktor mo Mabibigay nila sa iyo ang nakalakip na pakete ng bakuna o makakapagmungkahi ng ibang mga pagkukunan ng impormasyon.
- Tawagan ang iyong lokal o estadong kagawaran ng kalusugan.
- Makipag-ugnayan sa Mga Sentro Para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (Centers for Disease Control and Prevention) (CDC):
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
 - Bumisita sa website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines

Vaccine Information Statement (Interim)
HPV Vaccine (Gardasil)

2/22/2012 Tagalog

42 U.S.C. § 300aa-26

Translation provided by the California Department of Public Health